Autism Association of WESTERN AUSTRALIA

T (08) 9489 8900
F (08) 9489 8999
E autismwa@autism.org.au
ABN 54 354 917 843

Locked Bag 2 SUBIACO WA 6904
215 Stubbs Terrace Shenton Park 6008
www.autism.org.au

Fact Sheet

Suporta ng Paaralan para sa mga estudyanteng may Autism

Ang mga estudyanteng may Autism Spectrum Disorder ay mangangailangan ng tulong at suporta sa paaralan. Ang mga suportang ito ay depende sa antas ng pangangailangan ng estudyante, at sa kung aling sektor ng edukasyon naroon ang paaralan.

Lahat ng sektor ng edukasyon ay obligado sa ilalim ng Disability Discrimination Act Disability Standards in Education (2005) (Batas ukol sa Diskriminasyon ng Disabilidad – Pang-edukasyong Pamantayan ukol sa Disabilidad 2005) na tiyaking ang mga estudyanteng may mga disabilidad ay kayang lumapit at sumali sa edukasyon sa kaparehong batayan gaya ng sa mga walang disabilidad.

Mahalagang kontakin ninyo nang diretso ang paaralan upang malaman kung anong suporta ang makukuha at maihahanda para sa inyong anak. Lahat ng paaralan ay mangangailangan ng impormasyon gaya ng mga kopya ng diyagnostikong report ng inyong anak. Ang ibang pagtasa ay maaaring gawin sa paaralan.

Makakukuha ba ang aking anak ng assistant (katulong) sa paaralan?

Ang pangangailangan ng inyong anak para sa isang Education Assistant (Katulong Pang-edukasyon) ay kailangang diretsong talakayin ninyo at ng paaralan.

Ang pagiging marapat para sa suporta ay batay sa ilang bagay na kabilang ang (ngunit hindi limitado sa):

- Antas ng mga pag-aakma sa pagtuturo at pagkatuto na kinakailangan ng inyong anak
- Kakayahan ng inyong anak na magkumpleto ng mga gawain nang nag-iisa (hal. paggamit ng toilet, pagkain)
- Kakayahan ng inyong anak na makipagkomunikasyon nang maepekto
- Antas ng pamamahalang kailangan sa oras ng recess at tanghalian para sa kaligtasan, suporta sa pag-aasal at pag-unlad ng mga kasanayang pang-sosyal.

Ano ang ginagawa ng isang Education Assistant?

Ang isang Education Assistant ay isang kawani na nakatoka sa paaralan na gumaganap sa mga tungkulin sa ilalim ng direksiyon ng guro.

Maaaring kabilang sa mga tungkulin ng isang Education Assistant ang (ngunit hindi limitado sa):

- Paghahanda ng mga gamit pang-edukasyon para sa guro at mga estudyante sa silid-aralan
- Pagsuporta sa inyong anak sa mga gawain sa silid-aralan upang tiyaking nauunawaan nila at natatapos ang kanilang mga gagawin
- Pagtulong sa maliliit na grupo ng bata kabilang ang inyong anak
- Pagtataguyod ng mga pagkakataong pang-sosyal para sa inyong anak at mga ka-edad.
  Inuulit na mahalagang diretsong talakayin ninyo at ng mga kawani ng paaralan ang tungkulin ng Education Assistant sa pagsuporta sa inyong anak.

Autism Association of WESTERN AUSTRALIA

Fact Sheet

Suporta ng Paaralan para sa mga estudyanteng may Autism

Ano pang ibang suporta ang makukuha para sa mga kawani ng paaralan na tumutulong sa aking anak?

Ang mga paaralan sa bawat sektor ng edukasyon ay makalalapit sa mga serbisyong sumusuporta sa paaralan na makapupunta sa paaralan at makapagbibigay ng diretsong suporta sa pamamagitan ng:

- Pagtulong sa mga guro sa paggawa ng pang-indibiduwal na plano sa edukasyon at pagkakaiba ng kurikulum
- Pagbibigay ng mga istratehiya para sa pagkatuto at pagtuturo (kabilang ang paggamit ng mga suportang pang-mata) na angkop sa mga batang may Autism
- Pagrerekomenda ng anumang kaugnay na kasangkapan o kagamitan (tulad ng propesyonal na pag-aaral para sa mga kawani)
- Angkop na mga istratehiya ng pagsuporta sa positibong pag-aasal
- Pinadadaling pakikipag-ugnayan sa ibang sumusuportang ahensiya para sa inyong anak, gaya ng mga sebisyong pang-terapiya

Sino ang maaari kong kontakin para sa higit pang impormasyon?

Department of Education
School of Special Educational Needs: Disabilities (SEND)
Telepono: (08) 9426 7111
Website: www.det.wa.edu.au

Catholic Education Office of WA
Students with Disabilities Team
Telepono: (08) 6380 5200
Website: www.ceo.wa.edu.au

Association of Independent Schools of WA (AISWA)
Inclusive Education Consultants
Telepono: (08) 9441 1600
Website: www.ais.wa.edu.au

Ang Autism Association of Western Australia ay nag-aalay din ng mga propesyonal na pagsasanay at seminar para sa mga guro at education assistant upang matutuhan kung paano susuportahan ang isang batang may ASD sa silid-aralan. Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang Autism Association of Western Australia sa (08) 9489 8900.

Autism
Association of WESTERN AUSTRALIA